REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 89-108

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KAGAWARAN NG PAGAWAIN AT LANSANGANG BAYAN NA ANG KONTRATISTA, ANG WCT ENTERPRISES AND CONSTRUCTION DEVELOPMENT NA MA-BLACK LIST DAHIL SA MGA PAGLABAG SA KASUNDUAN AT DI MAAYOS NA PAGSA-SAGAWA NG MGA PAGAWAING IPINAGKALOOB SA KANILA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang WCT Enterprises & Construction Development na may address sa #31 Bernardo street, San Rafael Village, Balut, Tondo, Lungsod ng Maynila at pinamamahalaan ni G. Wilson M. Tecson ay tatlong ulit na tinanggihan ang paanyaya ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa upang magpaliwanag hinggil sa napakabagal at di-tamang pamamaraan ng paggawa sa lansangang bayan sa may Barangay Bayanan, Muntinlupa na kung saan sila ang nakakuha ng kontrata;

SAPAGKAT, ang tahasang pagtanggi na dumalo sa pormal na paanyaya ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng makatlong ulit ay nagpapahayag lamang ng di-pagkilala at pagwawalang bahala sa karapatan ng konseho at malaking paghamak sa kapangyarihan nito;

SAPAGKAT, inaakala namin na ang WCT Enterprises & Construction Development ay walang sapat na kakayahan upang gumawa ng malalaking pag-gawaing bayan at mga lansangan dahil sa kawalan nito ng sapat na kaga-mitan at makinarya;

SAPAGKAT, lagpas na sa taning ayon sa talaan ng napagkasunduan ang dapat na pagsasaayos ng lansangan sa barangay Bayanan;

SAPAGKAT, ang mabagal na pagsasaayos ng lansangan ay nagdulot ng malaking kaabalahan hindi lamang sa mga mamamayan ng Muntinlupa kundi maging sa mga ibang taong bumabagtas ng nasabing lansangan;

SAPAGKAT, ang napupulaan sa abalang idinudulot ng sirang lansangan ay ang mga kasalukuyang nanunungkulan sa Pamahalaang Bayan at nagiging batik sa kanilang kakayahan na gumanap ng tungkulin.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napag-pasiyahan at muling napagpasiyahan na magkaroon ng kapasiyahan na hini-hiling sa Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan ang kontratista ng WCT Enterprises and Construction Development na mablack-list dahil sa mga paglabag sa kasunduan at di maayos na pagsasagawa ng mga pagawaing ipinagkaloob sa kanila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang animnapu't dalawang(62nd) pang-karaniwang pulong na ginanap ngayong ika- 26 ng Hunyo 1989 .

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN PANTAUHAN



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hunyo 26, 1989